

Chapter One



July, 1998...

“Lean, may scoop kami sa iyo. Kinausap ni Duke si Mrs. Faustino. Tatakbo din siya for Student Council president.”

Mula sa nire-revise na article sa computer screen, kaagad lumipad ang pansin ni Lean sa dalawang kaibigan na basta na lang pumasok sa opisina ng *Archangel*, ang school paper ng *St. Michael's Academy*.

“Hindi niya p’wedeng gawin iyon, di ba? I mean, ikaw na ang official candidate ng batch natin.”

Damn right he couldn’t!

“Talagang hinahamon ako ng lalaking iyon!” Umingit ang silya nang padabog siyang tumayo. Nilagpasan niya ang dalawang kaibigan. Tiyak ang mga hakbang na tinungo niya ang faculty room kung saan naroon ang adviser ng Student Council, si Mrs. Faustino. Hindi na nagulat ang matandang guro nang makita siya.

“Ma’am, bakit naman po ganoon?” hirit kaagad niya. Itinaas nito ang isang kamay.

“Calm down, Lean. Maupo ka muna.”

Umupo siya sa isa sa mga silyang nasa harap ng

table nito. She was still fuming mad.

“Alam kong nagpunta ka rito dahil nakarating na sa iyo ang balita.”

“He can’t run against me! Hindi lang kami magka-batch. Magkaklase pa kami.”

“I’m well aware of that. Pero walang batas na maaaring pumigil sa sinumang magnanais na tumakbo bilang Student Council president. As long as the one-year residency requirement is satisfied, kahit sino’y p’wedeng lumaban sa iyo.”

Kalagitnaan ng freshmen year nila nang nag-transfer sa *St. Michael’s Academy* si Duke. Third year high school na sila ngayon.

“Just treat this as a healthy competition, Lean. Pareho kayong matalino at maabilidad ni Duke. Kahit sino sa inyo’y deserving na manalo. But let the student population decide who they want to represent them.”

“Pero, Ma’am...”

“Lean, I’m sure you’re sensible enough not to let this little rift between you two ruin a decade’s old school tradition. Duke promised to do this part to make this a clean and successful election. Maasahan ko bang gagawin mo rin ang parte mo?”

It was a clear but clever insult. Isa rin iyong warning.

“O-of course! Alam n’yo naman pong maaasahan ninyo ako basta’t kapakanan ng school

ang nakataya.” Pangiwi siyang ngumiti. Mukhang pati si Mrs. Faustino ay nagayuma na rin ng charms ni Duke.

“That’s good to hear, Lean.” Tumayo ito at kinamayan siya. “Good luck. At ngayon pa lang binabati na kita.”

For being the next Student Council president or for being a good sport? “S-salamat po.”

Nagpupuyos pa rin ang loob ni Lean nang lumabas sa opisina ng matandang guro. Hindi niya talaga matanggap na sa lahat naman ng tao, si Duke Evaristo pa ang makakalaban niya sa pagka-presidente ng Student Council nila.

Honor student siya mula pa noong pre-school. Valedictorian siya ng SMA noong elementary. Hindi sa pagyayabang, hindi lang isang teacher ang nagsabing predictable na kung sino ang magiging valedictorian sa high school. Ngunit mula nang mag-transfer sa SMA si Duke, nawala na sa kanya ang *Best Student* title sa kanilang batch. Mapa-academics or extra-curricular activities, neck-to-neck ang labanan nila. They seemed to excel at almost everything. Naging sakit ng ulo sila ng mga teachers in the sense na nahihirapan ang mga ito kung kanino ibibigay ang pinakamataas na grado.

Sinalubong siya nina Rose at Fany.

“Lean... Ano’ng nangyari? Ano’ng sabi ni Ma’am Faustino?”

Sinabi niya sa dalawa ang sinabi sa kanya ng guro.

“Paano iyan? Di kayong dalawa nga ni Duke ang maglalaban?” tanong ni Rose.

“Tatlo sila. Kandidato rin si Lallaine, ’yung taga-section Ruby,” pagtatama ni Fany.

“Kung kay Lallaine lang, tiyak na landslide ang magiging victory nitong si Lean. But now that Duke has entered into the picture...” Sadyang ibinitin ni Rose ang sasabihin.

Lalong uminit ang ulo ni Lean. Iniwan niya ang dalawang kaibigan.

They were right. Kung sa ibang estudyante, malaki ang ungos niya. But with Duke, nasa bingit siya ng alanganin. Kung popularidad lang din ang pag-uusapan, pareho silang sikat. Pero sa puntong iyon ay nalalamangan siya ni Duke dahil mas marami ang female population ng school. And with his charm, kahit ibawas pa ang mga babaeng kaibigan niya, malaki pa rin ang magiging lamang nito kung boboto ritong lahat ang female students ng SMA.

Bago bumalik sa opisina ng *Archangel*, naisipan niyang dumaan ng canteen para uminom ng soft drink. She needed something cold to calm her brewing anger. Pero lalong umasim ang mukha niya nang makita ang isang grupo ng mga estudyanteng nag-umpukan malapit sa counter.



Isang kaklase ang sumiko kay Duke. Sinundan niya ang direksyong ininguso nito. Malapad siyang napangiti nang makita ang iritadong anyo ni Lean. Namumula ang mukha nito, lalo na ang tungki ng ilong dahil sa galit. With lips pursed tightly, she approached him.

“Nananadya ka ba talaga?” She placed both hands on her hips, a gesture that made her more intimidating and sexy.

Mabagal na pinasadahan niya ang kabuuan nito. Matanda siya nang isang taon sa dalaga dahil late na siyang nag-grade one. At fifteen, nagpapakita na ito ng signs na magiging isa itong headturner kapag ganap na itong nagdalaga. She had creamy white skin, kaya halatang-halata ang pamumula nito. Her face was angelic, with soft pink lips, celestial nose and deep-set eyes shaded by thick eyelashes under perfectly arched brows.

Kung hindi nga lang para itong bagong panganak na pusang handang mangalmot sa tuwing lalapitan niya, niligawan na niya si Lean. Matindi ang crush niya sa dalagita. Ngunit hirap siyang lapitan ito, much more offer friendship. Kaya ang nangyayari, palagi na lamang niya itong iniinis para lang mapansin siya ng kaklase.

“I see you’ve already heard the good news,” kaswal niyang sagot. If she could breathe fire, baka

abo na silang lahat. He could feel the heat of her anger from his distance.

Naningkit ang mga mata ng babae sa galit.

“Why, Duke? Talaga bang ginawa mo nang misyon na kalabanin ako?”

“Ano naman ang masama kung tumakbo rin akong Student Council president? This is a free country. At saka, s’abi naman ni Ma’am Faustino qualified akong tumakbo.”

“Pero alam mong isa ako sa mga candidates. Sana man lang nagkaroon ka ng delicadeza. Magkaklase tayo!”

“Look, Lean.” Tumayo ang binatilyo sa harap nito. Kamuntik na siyang umatras dahil sa samyo ng baby cologne nito, a sweet fruity scent that made him wonder if her lips were as sweet as her smell. “I’m sorry kung hindi mo matanggap na posibleng matalo ka sa eleksyon.”

“Ano? Pakiulit mo nga ang sinabi mo?”

Nagsisimula nang lumapit sa kanila ang ibang estudyante na nasa canteen.

“Sino naman ang nagsabing magpapatalo ako sa iyo?” matapang na tanong ni Lean, walang kamalay-malay na sa kanila na nakatuon ang pansin ng lahat ng tao sa canteen. “For your information, Evaristo, kahit kailan hindi pa ako nagpatalo kahit kanino,” angil nito. She looked like she wanted to scratch his eyes from their sockets.

“Gan’un naman pala. Di wala tayong problema. May the best leader win.” Malapad ang ngiting ini-offer niya ang isang kamay. Tinitigan lang iyon nang matalim ng dalagita. Duke’s grin widened as he watched her eyes turn to fiery slits. How he loved pissing her! “What, afraid to shake hands? That’s very unsportsman-like. Don’t worry, hindi naman malansa ang kamay ko. Kakahugas ko lang.”

“Sira-ulo!” was all she said before storming out of the canteen. Hindi na napigilan ng binatilyo ang pagbunghalit ng tawa.

“Grabe! Bilib na talaga kami sa iyo, Duke. Ikaw pa lang ang pumatol sa babaeng iyon.”

“Kayo kasi, puro kayo takot. Ano ba’ng magagawa niya? Puro dakdak lang naman ang alam niya.”

Deep inside, he knew there was no truth about what he said. Lean was a bit impulsive and arrogant sometimes. Pero dahil na rin iyon sa pagiging mayaman nito. But he couldn’t deny that she’s one determined, spunky brat, who had goals and sticks with it. Iyong mga katangiang iyon ang humihila sa kanya palapit sa dalagita.

“Hindi naman sa takot kami. Nirerespeto lang namin siya.”

“Hindi ko naman siya binabastos. Ibinabalik ko lang sa kanya ang lahat ng ibinabato niya sa akin.” That part was true. Sa maraming pagkakataon

na nagtalo sila, ito palagi ang nagsisimula ng argument. May hangganan ang pagiging pasensyoso niya.

Sandaling natigil ang diskusyon nila nang sumulyap si Duke sa relo. Five minutes na lang bago magsimula ang afternoon class nila. Nagtungo na sila sa kanilang silid-aralan sa main building. As expected, naroon na sa loob at nakaupo si Lean sa puwesto nito. She looked composed na parang hindi sila nagtalo ilang minuto lang ang nakakaraan. She even managed to smile at his friends. Pero nang magtama ang mga mata nila ay nawala ang magandang ngiti nito. Tumaas ang isang kilay nito at inirapan pa siya.

He slumped on his chair two students behind her, and heaved a deep sigh.



Lean could feel Duke's gaze behind her kahit pa may dalawang taong nasa pagitan nila. She never meant to confront him, not with all those students watching. Kung tutuusin, wala naman talagang dahilan para magalit siya. She never cared much about the election. If she would be honest, she never liked to win.

Masyado nang stressful ang buhay-estudyante niya para dagdagan pa niya ang responsibilidad. Pumayag lang siyang tumakbo dahil sa pakiusap ng mga kaklase niya. Kaya naman niyang tanggapin

sakaling matalo siya ni Duke. It's just that there was something about him that ticked her off. And she couldn't help herself.

Kumukulo ang dugo niya sa tuwing nakikita ito. Ngunit panay naman ang lapit niya rito para lang insultuhin ang binatilyo. Madalas ay siya ang pasimuno ng mga petty quarrels nila. Pasalamat na nga lang siya at gentleman ito at hindi siya binabastos kahit pa nakikita niyang napupuno na rin ito sa kanya.

Hindi naman talaga siya likas na palaaway o inggitera. Pero si Duke kasi...

She inwardly groaned. Hindi na niya maintindihan ang sarili. Maybe she's having an adolescent crisis. Or maybe, she had met her match. Someone not bothered by her social status, not a bit intimidated by her strong personality and whose intellect equaled hers. And Duke, with his casual grin and confident swagger, she had no doubt he would fight her in every battle of wits head-on.

Nagsimula ang klase nila sa Trigonometry. May isinulat na mathematical problem ang teacher sa blackboard at nagtanong kung sino ang may gustong mag-solve. Tinawag nito ang pangalan ni Duke.

Habang abala ito sa pagso-solve ng math problem, nagkaroon si Lean ng pagkakataong

obserbahan ang hitsura nito. Barely seventeen, prominente na ang kaaya-ayang physical features ng kaklase. Matangkad ito, tama lang ang built ng katawan ngunit mas lalong magiging makisig kung tuluyang made-develop ang mga muscles nito. His skin sported a natural tan na lalong nakadagdag sa lalaking-lalaking aura nito.

As he scratched the chalk on the rough surface of the blackboard, his brows were scrunched in concentration which brought in memories of his expressive eyes. Ang mga mata nito ang tipong kapag tumitig ay animo humihigop ng kaluluwa. But what pulled her the most were his lips. Kung mayroon mang soft sa features ng binatilyo, iyon ay ang mga labi nito. They were meant for kissing.

Natilihan siya at mabilis na pinamulahan ng mukha. What was she thinking? And then, realization slapped her on the face, dahilan kung bakit muntik na siyang mapaungol nang malakas.

It seemed that she wasn't immune to Duke's charm, after all. Attracted siya sa kinaiinisang kaklase.



Chapter Two



Abala si Lean sa pagtipa sa keyboard ng computer nang pumasok si Duke sa opisina ng *Archangel*. May bitbit itong isang folder at isang paper bag. Sandali lang nagtama ang mga mata nila dahil kaagad din niyang ibinalik ang pansin sa computer monitor.

“What do you want, Duke?” tanong niya sa pinakamalamig na tinig.

“Hinahanap ko si Ronald,” tukoy nito sa editor-in-chief nila. Tulad niya ay isa rin sa mga editors ng *Archangel* si Duke.

“Obviously, wala siya dito. Ipatong mo na lang sa desk niya kung anuman ang ipapasa mo,” mataray niyang sagot. They were alone inside the cramped office, isang detalyeng noon lang niya napansin. From the corner of her eyes, she saw Duke’s familiar sexy grin. Someone should censor that grin. It makes a minor like her think of things only grown-ups do.

Matapos dikitan ng isang post-it note ang folder na hawak ay ipinatong iyon ng binatilyo sa mesa ng editor-in-chief. Ang akala niya ay lalabas na ang kaklase, pero lumapit ito at prente pang naupo sa gilid ng kanyang mesa.

“Iyan na ba ang speech mo para mamaya? Patingin nga?” Sumilip ito sa monitor. She was fast enough to minimize the screen.

“Ano ba? Hindi mo ba nakikitang nagtatrabaho ako?” naiinis niyang sita. Tumawa lang ito. Tumuwid ng pagkakaupo si Duke pero hindi umalis sa tabi niya.

“Ang sungit mo talaga. Hindi ko naman kokopyahin iyang ginagawa mo. Tapos ko na kaya ang sa akin.”

Mamayang hapon ang huling araw ng *panliligaw* nila sa mga estudyante ng *St. Michael's Academy*. May grand campaign rally kung saan ihahayag ng bawat kandidato ang plataporma nila para sa Student Council.

“You’re distracting me.”

“So I am.” Iniliyad pa nito ang dibdib na parang proud sa akusasyon niya. “I wonder why.”

That was what she hated most about Duke. Nakakaya nitong tapatan ang bawat insultong ibato niya. Kaya nitong putulin ang tabil ng dila niya.

“Siguro isa ka din d’un sa mga babaeng may crush sa akin. At kaya ka nagagalit dahil hindi mo matanggap na nagkakagusto ka na sa number one nemesis mo.”

“Are you crazy?” Dinugtungan ni Lean ng isang nakalolokong tawa ang kanyang sinabi. It sounded strained even to her ears. “You’re *not* exactly my

type, Duke.”

“Tulak ng bibig, kabig ng dibdib. At ano pa ba’yung isa? Ah, the more you hate, the more you love. Pustahan, iiyak ka sa graduation day natin dahil hindi mo na ako muling makikita.”

“Hah! Hindi ka lang talaga assuming, napakaarogante mo pa. Kung may mami-miss man ako sa high school life ko, hindi ka kasama doon!”

Humalakhak ang binatilyo. Pakiramdam ni Lean ay umakyat nang lahat ng dugo niya sa ulo. Kung puwede lang niya itong itulak palabas ng silid.

“P’wede bang umalis ka na?” asik niya. Tumayo naman ito pero nanatili pa rin sa gilid ng mesa niya.

“Okay. Easy ka lang. Binibiro lang kita.”

“Hindi nakakatuwa ang mga biro mo. P’wede bang lumabas ka na?”

He chuckled again. Hitsurang aliw na aliw ito sa nakikitang iritasyon niya.

“Sige na po, Señorita. Lalabas na ako. Here...” Inilapag ni Duke sa mesa niya ang paper bag na hawak nito. “Nakita kong hindi ka kasama nina Rose na magmerienda sa canteen. I figured na nagkulong ka na naman dito, kaya binilhan kita ng pagkain.”

“No thanks. Hindi ako nagugutom.” As if to contradict her words, her stomach grumbled. Lalong tumingkad ang pamumula niya.

“Kumain ka na. Huwag kang mag-alala, walang lason ’yan. Lalong walang gayuma,” he said in his usual teasing manner. As if naman kailangan pa nitong gumamit ng gayuma.

His unexpected concern stunned her. Bumukas ang bibig niya para sa isa na namang maanghang na litanya. But her conscience stopped her. Hindi ba puwedeng maging grateful naman siya kahit paminsan-minsan sa binatilyo?

“S-salamat,” Lean said weakly. Ang lapad ng naging ngiti nito. She couldn’t understand why, but the joyful gleam in his eyes brought a feeling of warmth deep inside.

Ipinatong ni Duke ang dalawang kamay sa gilid ng mesa at dumukwang sa kanya. His face was too close that she had to push herself backward just to be able to breathe normally.

“A-akala ko ba, aalis ka na?”

His lips twitched. “May naisip lang akong idea. Why don’t we make this rivalry between us a little more exciting?”

Naalarma siya. “Oh, please...” she groaned in protest. Bakit ba kasi ayaw pa nitong lubayan siya? The more time he spent inside this room, the more she felt it caving in on her.

“If I win, papayag kang sumama sa akin sa isang date.”

A date?

“Are you crazy? Duke, we’re teenagers! Hindi ka dapat nag-iisip ng mga ganyan. Masyado pa tayong bata para—”

“Para kumain lang na magkasama sa isang fastfood house? O kaya sa canteen? Ano’ng masama doon?”

Sa tono nito, para na rin nitong sinabing masyadong advance at malisyosa ang isip niya. Kunsabagay, she wasn’t thinking of a simple snack the moment he mentioned the word ‘date’. At lalo siyang nainis sa sarili dahil doon.

No way! Hell would freeze over bago makita ng buong *St. Michael’s Academy* na magkasama silang kumakain ni Duke.

“In your dreams, Evaristo!” she hissed.

For one brief moment, she thought she saw a twinge of hurt cross his eyes. Pero nang tumuwid ng tayo si Duke ay bumalik na ang mapang-asar nitong ngisi.

“Tama pala ang hinala ko. Duwag ka.”

Nagpanting ang tainga ng dalagita. “Teka nga muna, kung magsalita ka’y parang sigurado ka nang ikaw ang mananalo.”

Nagkibit-balikat ito. “Kaya nga walang dahilan para hindi mo tanggapin ang hamon ko.”

He was right. Mangyayari lang naman ang date kung ito ang mananalo. Pero kung siya...

“If I win, titigilan mo na ba ang kalalapit sa

akin?”

“Agreed. Although sa pagkakatatanda ko, ikaw ang madalas lumalapit sa akin.”

Hindi alam ni Lean kung saan itatago ang mukha para hindi nito makita ang pamumula niya.

“Basta! If I win, you won’t bother me again!”

“As long as you don’t bother me first,” he returned.

“Okay! Payag na ako,” sagot niya para matigil na lamang ito at umalis na.

“Pinky swear?”

“What?”

He motioned what he meant. Kaagad niyang naintindihan ang gusto nitong mangyari. She hooked her little finger to his as their thumbs touched. The simple contact made her young heart jolt. And the moment she stared into Duke’s teasing eyes, she knew she was in deep trouble.

Kung naging malaking stress sa kanya ang grand campaign rally, higit na naging stressful ang resulta ng naganap na election. Panalo si Duke, by a mere twenty-five votes! Ibig lang sabihin, may utang siyang isang date dito.

Halos gusto nang lumubog ni Lean sa kinauupuan habang nagaganap ang meeting na ipinatawag ng outgoing Student Council president. Isang linggo iyon matapos ang election. Parang pinaglalaruan sila ng tadhana dahil sabay silang

pumasok sa alumni hall. Magkatabi rin ang natirang dalawang bakanteng upuan para sa kanila. Anumang iwas, hindi pa rin nakaligtas sa pansin ni Lean ang nanunuksong mukha ng mga estudyanteng naroon.

Wala namang gaanong pinag-usapan sa meeting. Pormal lang na pinakilala si Duke bilang bagong Student Council president. Ipinasa na rin dito ng outgoing na pangulo ang mga ongoing projects ng council. When it was time for him to choose members for his cabinet, Lean fidgeted on her seat.



Duke couldn't wait to see her reaction as he met her fixed glare. Alam niyang masama ang loob ni Lean dahil sa pagkatalo. Alam din niyang nag-iisip na ito ng isang libo't isang dahilan para lang makaiwas sa naging kasunduan nila. As if naman, papayag siyang mangyari iyon. If there's one thing he learned from his absentee father, it's being true to his words. And he expected the same from her. Kung nabaligtad ang sitwasyon at siya ang natalo, he'd gladly avoid being in her way as they've agreed upon. Kahit pa malayo iyon sa gusto niya.

Nasabi na niya ang mga pangalan para sa natitirang miyembro ng council, sa sekretarya na lang ang kulang.

“And for the council secretary, I would like to

appoint Miss Leandra Castelo for the position.” Muntik na siyang humagalpak ng tawa dahil sa nakitang pamumutla nito.

“Anong klaseng pakulo na naman ito? I don’t want to be your secretary!” Nanggigigil si Lean habang nagsasalita. Magkasabay silang lumabas ng alumni hall. Dumerecho sila sa opisina ng *Archangel*. Tiyempo namang walang ibang tao roon.

“Anong pakulo? Sa ikaw ang nakikita kong bagay sa position na iyon. Besides, don’t you want to be a member of the council kahit pa natalo ka sa pagka-presidente?”

“Pero ayokong maging secretary mo!”

“Bakit naman?”

“Because I don’t want to take orders from you!”

Kunot-noo niya itong tinitigan. “Now that’s being selfish. Tatalikuran mo ang obligasyon mo sa buong student body dahil lang ayaw mong tumanggap ng utos sa akin?”

Bumukas ang bibig nito na parang gustong bawiin ang sinabi.

“This isn’t about us, Lean. This is about the students of *St. Michael’s Academy*. Nagtiwala sila sa atin. Dapat lang na suklian natin ang pagtitiwala nila.” Namula ang buong mukha ng dalagita. He knew right then that he hit a nerve. Inihanda na niya ang sarili sa barrage ng masasakit na salita. Pero sa halip, padabog nitong hinalungkat ang

stacks ng papel sa isang sulok na animo may hinahanap.

“Bakit ba kasi galit na galit ka sa akin?”

Umirap lang si Lean. “Alam mo ang dahilan, Duke.”

Hinawakan niya ito sa braso at hinila paharap. “Hindi ko nga alam. Kaya nga kita tinatanong.”

Ipiniksi nito ang braso at hinimas-himas ang bahaging hinawakan niya na para bang nasaktan ito.

“You’re too arrogant!”

Naghintay siya ng karugtong pero nanahimik ito.

“That’s it? Nagagalit ka dahil I’m too arrogant?”

Lean searched for the right words. Paano niya sasabihin sa kaharap na kaya siya naiinis dito ay dahil ipinararamdam nito sa kanya ang mga emosyong hindi pa dapat maramdaman ng batang puso niya? That she’s angry because she’s jealous of the attention he’s been having, mostly from the school’s female population.

“Mayabang, assuming, mapang-asar...” she let her voice trail off. Wala na kasi siyang maisip na tamang adjective para rito.

Try charming, smart, handsome, friendly, funny, caring, lovable...

Ipinilig niya ang ulo. Mawawala muna siya sa SMA bago nito malamang ganoon ang eksaktong

tingin niya sa kaklase.

And so typical of Duke, sa halip na magalit ay bumunghalit ito ng tawa. Sa eksaktong pagkakataon na iyon pumasok ang kanilang news editor na si Holly.

“Hmm... huwag n’yong sabihing nag-aaway na naman kayong dalawa?”

Hindi kaila sa kanilang mga kasama kung gaano kadalas silang mag-asaran ni Duke kapag natataong kompleto sila sa loob ng opisina.

Nagkatinginan sila ni Duke. Kumindat ito. Umirap siya.

“Hala! Para kayong aso’t pusa. Baka naman pagdating ng araw, mabalitaan na lang namin na kayong dalawa ang nagkatuluyan. Sabagay...”

Maang na napatingin si Lean kay Holly. Tinapik-tapik nito ng hawak na lapis ang baba habang palipat-lipat ang tingin sa kanilang dalawa.

“Kung ako ang tatanungin, bagay na bagay kayo.”

Duke burst out laughing. “Ngayon ko lang nalaman na may sense of humor ka din pala, Holly.”

Tinaasan ito ng kilay ng senior student bago mahinang tumawa. “Who knows?”

Duke’s gaze turned to her and his eyes traveled from her face down to her feet in a slow, seductive fashion. Napigil niya ang hininga. God, how did he

do that?

“Yeah, who knows?” he drawled. The air suddenly sizzled with electrifying sparks. She couldn’t take it any longer. Walang imik na dinampot niya ang bag at lumabas ng opisina. Nagkatinginan na lamang sina Duke at Holly sa ginawang pagwo-walk out ng dalagita.



Nakauwi na sa bahay si Duke ay palaisipan pa rin sa kanya si Lean. Sa lahat ng mga nakilala niya, ito lang ang pumukaw ng curiosity niya, sapat para pag-ukulan niya ito ng buong magdamag. Hindi pala. Halos gabi-gabi niyang naiisip ang kaklase. And not just because of her indifference. Lean had the most fascinating face he had ever seen.

“Duke, tumawag ang daddy mo. Kinukumusta ka. May message siya sa email mo.”

He acknowledged his mother with a nod. Matapos itong halikan sa pisngi ay umakyat na siya sa kanyang silid.

Ini-on niya kaagad ang kanyang laptop at binuksan ang email ng daddy niya. Wala naman itong gaanong sinabi, the usual na pangungumusta lang at saka ang paalalang ingatan niya ang sarili pati na ang mommy niya.

Malungkot siyang napabuntong-hininga. Nami-miss na niya ang ama. Nami-miss na niyang makitang isang kompletong pamilya sila. His dad

was a field service engineer sa isang multi-national, high-tech company. Madalas itong nasa byahe dahil na rin sa nature ng trabaho nito.

Tumayo siya at patamad na humiga sa kama, his mind drifting back to Lean. He closed his eyes, picturing her round face, the expressive eyes, her cute nose and luscious lips plump enough to tempt any man for a kiss. Her creamy soft skin completed her good looks. She's beauty with brains, and a lot of guts. At iyon ang tipo niya sa isang babae.

Come on, Duke. You're too young to know what you want in a girl.

Siguro nga'y bata pa siya. Pero hindi niya maitatangging espesyal sa kanya si Lean. Kahit ayaw nito sa kanya, hindi pa rin niya mapigilan ang pagsibol ng isang kakaibang damdamin para sa mailap na dalagita.



Chapter Three



“Lean, wait!”

Lean groaned inwardly. Lalo niyang binilisan ang lakad. Pero naabutan pa rin siya ni Duke.

“Bakit ba?” asik kaagad niya. Pero hindi niya maitatangging bumilis ang tibok ng kanyang puso ngayong kasabay niya itong naglalakad. When she acknowledged the fact that she’s attracted to him, lately ay madalas na ang pagwawala ng puso niya sa tuwing makikita ito.

“Anong ‘bakit ba’? Nakalimutan mo na ba ‘yung usapan natin? You owe me a date.”

Wala na rin siyang choice. She might as well get this over with. Ano ba naman ang masama sa isang friendly snack? Sumulyap siya sa relo; alas cuatro pa lang ng hapon.

“Okay. Halika na,” mahinang sagot niya. She dared not look into his eyes. Alam naman niya kung ano ang naging reaksiyon nito. Secretly, she couldn’t help but smile, too. There’s this tingling feeling inside her and surprisingly, it felt good.

She did enjoy the rest of the afternoon. Walang mapang-asar na jokes, walang mga tukso. Duke acted as the perfect gentleman. He asked questions

about her family, about her goals and ambitions. He wanted to know her better.

And for the first time since that day na pumasok ito sa loob ng classroom nila, a confused transferee turned high school heartthrob in a day, binigyang-laya niya ang sariling makilala ito. He was more than a handsome face with a witty brain.

Then again, matagal na niyang batid na isang kakaibang lalaki si Duke. A few years from now, kapag ganap na itong nag-mature, mapalad ang babaeng pipiliin nitong ibigin.

Sana ako na lang...

Nanlaki ang mga mata ng dalagita. Now why did that thought enter her mind? And why did her heart wished it?



October, 1998...

Kabilang sina Duke at Lean sa ipinadalang delegates ng *St. Michael's Academy sa Regional Secondary Schools Press Conference* na ginanap sa *Batangas National High School*. Nasa ikalawang gabi na sila ng apat na gabi at limang araw na pamamalagi roon. Bukas ay nakatakdang mag-compete si Lean sa feature writing category.

It was nearing eleven o'clock in the evening. Lumabas si Lean para magpunta sa banyo. Ang building na kinalalagyan nila ay may kalayuan sa comfort room. And she had to pass by the old

acacia tree na malapit sa ruins ng dating home economics building na nasunog sampung taon na ang nakakaraan.

Kinilabutan siya. Unang gabi pa lang ay sinabihan na sila ng ilang estudyante na may nagmumulto sa matandang puno na iyon.

Bakit kasi hindi man lang naglagay ng portalet sa bawat building!

Maliban sa ilang ROTC cadets na nagroronda sa loob ng school compound, it was nearly deserted. Gusto na sana niyang umurong at bumalik sa inookupang silid. Pero masakit na ang puso niya.

“Saan ka pupunta?”

Muntik na siyang mapatalon sa gulat. Galit na hinarap niya si Duke.

“Bakit ba ang hilig mong manggulat? You could’ve given me a heart attack!”

Ngumisi lang ito. “Ang OA mo naman.”

“Ano ba’ng ginagawa mo dito?” usisa niya.

“Nakita kitang lumabas ng room ninyo. Baka ’ika ko pupunta ka sa CR.”

“Bakit, sasamahan mo ako?”

“Kung gusto mo lang naman. Kung ayaw mo, babalik na lang ako sa room namin.”

Ilang minuto siyang hindi umimik.

“Bilisan mo lang, ha? Yun kasing roommate ko na taga-Laguna, may nakita raw white lady na nakatayo malapit d’un sa nasunog na—”

Hindi na ito natapos magsalita dahil kaagad niyang sinunggaban ang isang braso ng lalaki at inakay ito papuntang rest room.

“S-samahan mo na ako.”

Kahit narinig niya ang nakakalokong tawa ni Duke, hindi na lang niya ito pinansin. Pipiliin na lamang niyang kasama ito dahil takot siya sa multo.

Lumipas ang mga araw at sumapit ang bakasyon. Tuwing summer ay nagkakaroon ng workshop ang theater arts club. Nagpapalabas sila ng sarili nilang adaptation ng isang book novel o kaya ay isang play.

Last summer, they did a stage adaptation of Jose Rizal’s *Noli Me Tangere*. Si Lean si Maria Clara at si Duke naman ang gumanap na Crisostomo Ibarra. The play was a success. This year, Romeo and Juliet naman ang ipapalabas nila. But this time, hindi niya nakuha ang papel bilang Juliet, o kahit anong papel pa. Nasa ospital siya at nag-undergo ng appendectomy habang nagaganap ang audition para sa mga roles.

“Kumusta naman ang play?” Dinalaw siya ng dalawang kaibigan. Nasa bahay na siya at nagpapahinga. She was disappointed na hindi siya nakasama sa cast. Kasama pa naman ang performance nila sa play sa extra-curricular points nila for the coming school year. And if Duke had landed the role of Romeo, ibig lang sabihin ay

nakaungos na ito sa kanya.

“Okay lang naman. Maganda,” matabang na sabi ni Rose. “Pero kung kayong dalawa siguro ni Duke ang nasa title role, mas naging exciting ang play.”

“Teka, ibig mong sabihin, hindi si Duke ang napiling Romeo?” He’s perfect for the role. Ano’ng nangyari?

“Hindi siya nag-audition. Hindi raw niya feel ang partner niya.”

Hindi alam ni Lean kung bakit siya namula. Pakiramdam niya ay binugahan siya ng mainit na hangin sa mukha. Lalo nang tapunan siya ng isang nanunuksong tingin ng kaibigan.

“Alam mo, tingin ko may crush sa iyo si Duke.”

She chuckled nervously. “Nagpapatawa ka ba, Rose? Wala nga kaming ginawa kundi magtalo. Paano namang magkaka-crush sa akin ang lalaking ’yun?”

“Ano namang imposible? Sa totoo lang, bagay na bagay kayo.” Lalo siyang namula. Naalala niya ang sinabi ni Holly. “Pareho kayong extremes. Siguradong walang dull moments sa pagitan ninyo kapag naging mag-jowa kayong dalawa.”

Napailing na lang siya. The mental picture of Duke being her boyfriend looked tempting. Lalo’t nabigyan siya ng firsthand knowledge kung gaano ito ka-sweet sa pambihirang pagkakataong

nakasama niya ito.

Isang di-pamilyar na kilig ang gumapang sa buong katawan ni Lean.

“Panay nga ang tanong niya kung ano na ang lagay mo. Gusto ka raw niyang dalawin, kaya lang baka daw mabinat ka kapag nakita mo siya.” Alam niyang pabiro iyong sinabi ni Duke. Still, she felt guilty. Inalisa niya ang sarili kung ano ba talaga ang pumipigil sa kanya na makipaglapit sa kaklase. They’ve been entering the same school, the same classroom for the past two years. And yet they weren’t friends.

May isang taon ka pa. You can change your attitude toward him.



Summer, 1999...

It was a warm evening. At lalong nakadagdag sa nararamdaman niyang alinsangan ang maraming taong nakapaligid sa kanila. Birthday iyon ng mayor ng kanilang lugar. At dahil kilala nito ang kanyang mga magulang, natural na imbitado sila. Ang suot ni Lean ay isang purple evening dress na hanggang tuhod ang haba. Malambot ang tela niyon at A-line ang tabas, may one-inch strap at lace trimmings sa hem, at malapad na belt na nag-accentuate sa maliit niyang baywang. And with a one-inch heel purple evening shoes, hindi siya mukhang isang sixteen-year-old na dalagita.

“Hi!”

A prickle of awareness made the hairs on her nape stand up. Kahit saan ay makikilala niya ang tinig na iyon.

“D-Duke?”

Like her, he was formally dressed. Wearing black trousers with matching black shoes, a cream-colored polo with three top buttons open and sleeves rolled up to his elbows, he was far from the carefree teenager she knew. He looked like a young man ready to conquer the world. And she believed he would, one day.

“H-hindi ko alam na imbitado rin kayo.” Kabado ang ngiting nakapaskil sa kanyang mukha. Hindi niya inaasahang makikita sa ganitong ayos ang kaklase. In his usual self, nagtagumpay na itong pukawin ang damdamin niya. Now he looked even more potent.

Nagkibit-balikat ito at ngumiti. And she almost stopped breathing.

“You know my mom.”

Ang pamilya ni Duke ang nagmamay-ari ng pinakamalaking meat shop sa kanilang lugar. Sa pagkakaalam niya ay ito ang meat supplier ng restaurant ni Mrs. Hipolito, ang kapatid ng mayor nila.

Ang katahimikang bumalot sa kanila ay nabasag nang lumapit si Billy, anak ng isa sa konsehal nila.

“Lean, sayaw tayo.”

Nag-alangan ang dalagita. Kanina pa siya isinasayaw nito. And although he wasn't a bad dancer, wala siya sa mood na i-entertain pa ito. Pamilyar siya sa mga titig at kilos nito sa harapan niya. And she wasn't a bit interested.

Sumulyap siya kay Duke para manghingi ng tulong. She expected him to read her body signs. Pero wala itong ginawa. Matapos siyang tanguan ay tinalikuran na siya nito. She felt very disappointed, hindi na siya nakapalag nang akayin siya ni Billy sa gitna ng dance floor. Lalo siyang nabigla nang pumunta rin sa dance floor si Duke, with a beautiful girl by his side. Sumimangot siya.

“Hey, galit ka ba?” nagtatakang tanong ni Billy. He was ever the gentleman, not holding her too tight. Okay naman itong partner, on and off the dance floor. Pero hindi nito magawang papintigin nang mabilis sa normal ang kanyang puso, the way Duke did.

Umiling siya at pinilit ngumiti. “Okay lang ako. Ang init lang kasi. Susumpungin yata ako ng migraine.”

It wasn't a lie. Pumipintig na ang sentido niya kanina pa. At lalo pang tumindi dahil sa inis niya kay Duke.

“P'wede bang huwag na nating tapusin ang tugtog? I need something to drink.”

“Sige. Halika, sasamahan kita sa buffet table. Hanapin na rin natin ang parents mo.”

Billy was the sweetest boy she had met that night. Sparks of attraction na nga lang ang kulang sa kanya.

Habang akay siya nito, hindi napigilang sumulyap ni Lean sa dance floor. Nakatingin sa gawi nila si Duke. Siguro ay malamalam lang talaga ang ilaw, ang dilim kasi ng ekspresyon nito habang magkahugpong ang kanilang mga mata.

Nagtapos ang bakasyon at nagsimula ang klase. Malaki ang ipinagbago ni Duke. He was the same happy-go-lucky, amiable teenager to his friends and acquaintances. Pero tahimik ito kapag magkasama sila. Hindi katulad noon na kulang na lang ay mag-amok siya dahil sa panunukso nito. She inwardly missed the old him.

Nanligaw si Billy sa kanya. At dahil frustrated sa pagtrato sa kanya ni Duke, sinagot niya ito. She couldn't wait to see Duke's expression. Kung tama ang obserbasyon ni Rose noon na may gusto rin ito sa kanya, tiyak na kokomprontahin siya nito. Iyong knowledge na makukuha niyang muli ang atensyon nito ay nagbigay ng satisfaction sa kanya.

Pero siya pala ang gugulatin ng binata.

“M-may girlfriend na si Duke?” Hirap na hirap na lumabas sa kanyang lalamunan ang mga salita. Hindi rin niya inasahan ang pagsirit ng kirot sa

kanyang puso.

“Oo. Kilala mo si Cynthia, ’yung isang cheerleader mula sa section Amethyst? Niligawan siya ni Duke at wala pang isang linggo, sinagot na niya ito.”

“P-parang ang bilis naman. Isang linggo lang silang nagligawan?”

Umikot ang mga mata ni Rose.

“Hello! Sister Lean, panibagong millennium na. Hindi na po uso ang mahabang ligawan. At isa pa, kung katulad naman ni Duke ang manliligaw, sinong babae ang magagawang tumanggi?”

Patagilid siyang sinulyapan nito. “Except you, of course.”

Hindi na lang siya kumibo. Pero ang weird lang talaga ng pakiramdam niya. Ang bigat! Ilang ulit niyang ikinurap ang mga mata. They felt moist. At hindi iyon dahil sa hangin o sa alikabok.

Nang gabing iyon iniyakan ni Lean ang nalaman. Tumulo ang kanyang luha habang ini-imagine ang hitsura ni Duke at ng girlfriend nito.

Mas maganda naman ako kay Cynthia.

Lean sobbed. She hadn’t expected to fall in love with someone she thought she despised. She hadn’t expected her first heartbreak could be this... heart-wrenching.

Parang hinihila ang mga araw. Sumapit at natapos ang Pasko at Bagong Taon. Hindi akalain

ni Lean na ilang buwan na lang at iiwan na niya ang *St. Michael's Academy*. Not much has changed within the past months. Civil naman sila ni Duke sa isa't isa. Girlfriend pa rin nito si Cynthia, boyfriend pa rin niya si Billy.

Wala namang gaanong nabago. Except that with each passing day, she found herself more in love with Duke than she had been the day she accepted her feelings for him.

